






Bakasyon sa bahay ni Lola





 Violet Otieno
 Arlene Avila
4  Tagalog 



Global Storybooks

globalstorybooks.net

Bakasyon sa bahay ni Lola

 Violet Otieno
 Arlene Avila




This work is licensed under a Creative Commons
[Attribution 4.0 International License](https://creativecommons.org/licenses/by/4.0).
<https://creativecommons.org/licenses/by/4.0>






Nakatira si Odongo at Apiyo sa lungsod kasama ang kanilang tatay. Gustong gusto nila ang bakasyon hindi lang dahil walang pasok, pero dahil dinadalaw nila ang kanilang lola na nakatira sa palaisdaan malapit doon sa malaking lawa.

Masaya sina Odongo at Apiyo na malapit na nila makasama si lola. Sa gabí pa lang, naka-impake na ang mga damit at nakahanda na ang lahat para sa biyáhe. Hindi sila makatulong sa tuwa kaya buong gabí silang nagkuwentuhan.






Kinaumagahan, hinatid sila ng kanilang tatay papunta sa lola. Dumaan sila sa mga taniman ng tsaang at mga bundok na may ligaw na hayup. Binilang nila ang mga sasakyang dumaan at nagkantahan din sila.




Kinuwento nina Odongo at Apiyo sa kanilang mga kaibigan ang lahat. Sabi ng iba mas gusto pa rin nila ang buhay sa lungsod. Sabi naman ng iba, mas maganda talaga sa nayon. Pero lahat sila sang-ayon na walang hihigit pa kay Lola Nyar-Kanyada!

Di nagtagal, napagod ang dalawa at nakatulong ng mahimbing.




Mahigpit na niyakap ni Odongo at Apiyo ang lola.






Ginising sila ng tatay nung makarating sila sa nayon. Nakita nila si Lola Nyar-Kanyada na nagpapahinga sa ilalim ng puno. Sa Luo, ang ibig sabihin ng Nyar-Kanyada ay “anak ng mga tiga-Kanyada.” Maganda at matatag na babae ang lola ni Odongo at Apiyo.



Dumating ang tatay para sunduin sila pero ayaw sumama ng magkapatid. Nagmakaawa sila kay Nyar-Kanyada na tumira na lang sa lungsod. “Matanda na ako. Hindi ko na kaya ang buhay sa lungsod. Hihintayin ko na lang kayo sa sunod na bakasyon.”




Sumayaw at kumanta sa tuwa si Nyar-
kanyada nang dumating ang mga apo.
Nag-uunahan sa pagbigay ng pasalubong
sina Odongo at Apiyo. "Buksan po ninyo,
bilis," sabi ni Odongo. "Akin muna unahin
ninyo," sabi ni Apiyo.



Di nagtagal, natapos ang bakasyon. Nag-
impake ng gamit ang magkapatid.
Binigyan ni Nyar-kanyada si Odongo ng
sombro at pangginaw naman ang para
kay Apiyo. Naghanda rin siya ng makakain
nila sa biyaha.




Pagkatapos mabuksan ang mga
pasalubong, pinagmano ni Nyar-Kanyada
ang mga apo.




Nang maubos lahat, uminum silang tatlo
ng tsaang at binilang ang perang kinita.

Naglaro agad sa labas sina Odongo at Apiyo. Nakipaghambulan sila sa mga paru-paru at mga ibon.




Isang beses, sumama ang magkapatid sa palengke. May tindahan pala ng gulay, asukal at sabon si lola. Si Apiyo ang tigasabi ng presyo at si Odongo naman ang tigabalot ng mga binili.






Inakyat nila ang mga puno at nagtampisaw sa lawa.



Isang araw, dinala ni Odongo ang mga baka sa bukid ng kapitbahay. Kinain ng mga baka ang damo at nagalit ang mayari. Nagbanta siyang kukunin ang mga baka bilang kabayaran pero nangako si Odongo na hindi na uulit.




Bumalik lang sila sa bahay ng lola nung malapit na maghaponan. Hindi pa man natatapos kumain, nakatulong na sila!



Tinuruan din sila ni Nyar-Kanyada kung paano magluto ng stew. Pinakita pa ng lola kung paano gumawa ng ginataang kanin at inihaw na isda.



Kinaumagahan, bumalik sa lungsod ang tatay at naiwan sina Odongo at Apiyo kay Nyar-Kanyada.



Tumulong sila sa mga gawaing-bahay ng lola. Nag-igib sila ng tubig at nag-hanap ng panggatong. Inipon nila ang mga itlog sa manukan at nanguha ng gulay sa gulayan.